Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 04, 2025, LUNES, IKA-09:39 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN RECEIVED By: Date: 08 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: 08 SEP 2025 Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 231- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T2025 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 001-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAG-AAMPON SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 16-T2012 NA NANGANGALAGA SA TAO AT HAYOP LABAN SA IMPEKSYON DULOT NG RABIES O KAGAT NG ASO AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLALABAG DITO.**

**Sponsor – HON. JERICHO V. ASINAS**

**SAPAGKAT,** may kahilingan Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 03-T2025 / Kautusang Barangay Blg. 001-T2025 na nag-aampon sa Kautusang Bayan Blg. 16-T2012 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** layunin ng naturang barangay na mapangalagaan ang mga mamamayan laban sa paglaganap ng impeksyon mula sa rabies at kagat ng aso;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kapasiyahan ay iniliwat sa mga Lupon sa Kalusugan, Nutrisyon at Sanitasyon, Lupon sa Kautusan at Batas at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagtalakay at pag-aaral;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Jericho A. Asinas (Tagapamuno ng Lupon sa Kalusugan, Nutrisyon at Sanitasyon), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T2025 / Kautusang Barangay Blg. 001-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nag-aampon sa Kautusang Bayan Blg. 16-T2012 na nangangalaga sa tao at hayop laban sa impeksyon dulot ng rabies o kagat ng aso at nagpapataw ng kaukulang kaparusahan sa paglabag dito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Sangguniang Barangay ng Pagsawitan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**. **Agosto 04, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan